## Coyote Point Recreation Area

1701 Coyote Point Drive, San Mateo, CA 94401
Punong-himpilan ng Parke 650-573-2592
**Pulis, Sunog, o Medikal na Emergency 911**

### Mga Parke sa San Mateo County

**Mga reserbasyon** 650-363-4021
**Pangkalahatang impormasyon** 650-363-4020
**www.SMCoParks.org**

**Ang Departmento** ay namamahala sa mga parke, daanan, at makasaysayang lugar upang ipreserba ang mga pampublikong lupain at magbigay ng mga oportunidad para sa edukasyon at libangan. Kabilang sa mga ari-arian ng sistema ang mga parke, pinepreserbang lugar, daanan, at makasaysayang lugar na matatagpuan sa buong County at sumasaklaw sa higit 17,000 akre.

**Ang mga parke** ay kumakatawan sa kamangha-mangha at sari-saring likas na lugar ng ating rehiyon, mula sa mababatong lawa-lawaan, malalagong gubat sa bundok, at mga liblib na lugar para magkampo hanggang sa dalampasigan ng Bayfront, maaliwalas na mga lugar para sa piknik, at mga sikat na palaruan.

Nagbebenta ang Departmento ng mga tiket na magagamit sa buong taon, na nag-aalok ng walang limitasyong pagpasok sa lahat ng Mga Parke sa County sa buong taon.

### Suportahan ang inyong mga parke

Maaari kang magboluntaryo upang tulungan ang mga bantay-gubat na protektahan at paunlarin ang mga lupain ng parke at pagsilbihan ang mga bumibisita sa parke.


Ang San Mateo County Parks Foundation ay nangangalap ng pondo para pagbutihin ang kalidad ng Mga Parke sa County para sa ating komunidad. Para sa impormasyon, bumisita sa www.SupportParks.org.

**Mga Parke sa San Mateo County**
**Mga likas na lugar at nakakagiliw na espasyo**

Inimprenta sa ini-recycle na papel
Nobyembre 2018

# Coyote Point

**Isang Parke sa San Mateo County**



SAN MATEO COUNTY PARKS

**Mga likas na lugar at nakakagiliw na espasyo**

## Coyote Point Recreation Area

Matatagpuan sa San Francisco Bay mismo, nag-aalok ang mabatong peninsula at ang dalampasigang ito ng maraming kakaibang karanasan sa parehong lupa at tubig.

Ang 149 na akre ng lupa ng Parke ay mayroong maraming lugar para sa piknik, tatlong palaruan, mga daanan, isang dalampasigang puno ng maliliit na bato, at mga lugar para mangisda. Ang 538 akre ng Recreation Area (Lugar ng Libangan) sa ilalim ng tubig ay nag-aalok ng maraming pagkakataon para sa windsurfing, paglalayag (sailing), at pagsakay sa kayak. Maaaring rentahan ang mga kagamitan sa board na isports sa Beach Center.

Kabilang sa Recreation Area ang Coyote Point Marina, ang Coyote Point Pistol at Rifle Range, CuriOdyssey – isang museo para sa edukasyon tungkol sa kapaligiran, at ang pribadong Coyote Point Yacht Club.



Jack Yaco

## Mga likas na tampok

Ang Coyote Point ay dating isang isla sa San Francisco Bay, na nahihiwalay ng latiang asin mula sa pangunahing lupain. Noong bandang 1800, pinuno ang latian upang makagawa ng pastulan. Sa kalaunan, ginamit ang lugar bilang daungan para sa mga kargo.

Ngayon, sinusuportahan ng mahangin at maalat na kapiligiran ng Coyote Point ang mga grupo ng puno ng eukalipto at Monterey cypress. Nagsisilbing tirahan ang mga natirang maliit na lawa ng asin, lakaran sa dalampasigan, daungan, at ang pamasag-alon para sa ilang mga katutubong shorebird at songbird.

Halos patag ang mabato at mahanging Recreation Area, na may maliit na burol na naghahandog ng magagandang tanawin ng Bay.



## Mga aktibidad at pasilidad

Ang magandang tanawin ng Recreation Area ay kinilala ng *Bay Area Parent* Magazine bilang “Pinakamainam sa Lahat ng Mainam” na Palaruan at Panlabas na Lugar ng Libangan ng 2008.

Ang **Magic Mountain Playground** ay nagtatampok ng anim na padulasan, estrukturang palaruang kastilyo na may tatlong palapag, mga nakabibighaning kulay-lilang dragon, at maluwag na espasyo na matatakbuhan.

Ang mga **daanan** na bumabagtas sa parke ay mainam para sa paglalakad, pagtakbo, at pagbibisikleta. Bumabagtas ang San Francisco Bay Trail sa timog na bahagi ng Recreation Area.

Ang Recreation Area ay may maraming **lugar para sa piknik na hindi kailangan ng reserbasyon**, pati na rin mga bukas na espasyo para sa pagpapalipad ng saranggola.

Maraming pasilidad na bukas para sa reserbasyon sa buong taon, kasama ang **mga lugar para sa pangkatang piknik at mga kampong pang-RV.**
**Para gumawa ng mga reserbasyon**, bumisita sa www.SMCoParks.org o tumawag sa 650-363-4021.

**Kabilang sa mga karagdagang pasilidad** sa lugar ng libangan ang:
Coyote Point Marina 650-573-2594
CuriOdyssey 650-342-7755
Coyote Point Rifle Range 650-573-2557
Coyote Point Yacht Club 650-347-6730

# Coyote Point Recreation Area




## Mga oras at paggamit ng parke

**Mga oras** Nagbubukas ang Parke nang 8am. Nagbabago ang oras ng pagsara depende sa panahon, at ito ay ipinapaskil.

**Mga alagang hayop** Hindi pinapahintulutan ang mga alagang hayop sa parke, ngunit pinapahintulutan ang mga nakataling aso sa Bay Trail.

**Mga lobo** Dahil sa mga malapit na linya ng kuryenteng may mataas na boltahe, hindi pinapahintulutan ang mga mylar (metaliko) na uri ng lobo sa Coyote Point.

**Mga apoy** Pinapayagan lamang ang mga pag-iihaw sa barbeque pit (ihawan) gamit ang uling; bawal ang mga portable na ihawan.

**Paninigarilyo** Bawal manigarilyo sa mga Parke ng County, sa mga daanan, o sa mga makasaysayang lugar.

**Mangyaring protektahan ang likas na kapaligiran ng Parke at huwag gambalain ang alinmang halaman o hayop.**

## Mga daanan


**Marina Trail Loop** .4 milya

**Shoreline Trail** .5 milya

**Bluff Trail** .9 milya
mula sa Merchant Marine Memorial na may tanawin ng Bay Trail

**Bay Trail** 1.1 milya
mula sa dalampasigan para sa windsurfing patungo sa pasukan ng Yacht Club

- Pare-parehas na ginagamit ng mga umaakyat sa bundok, tumatakbo, at nagbibisikleta ang mga daanang ito. Mangyaring maging alerto at maging magalang sa lahat ng gumagamit ng daanan.
- Para sa mga nagbibisikleta, laging magbigay-daan sa ibang mga gumagamit ng daan.




**Para sa higit pang impormasyon at ruta ng daanan, bumisita sa www.SMCoParks.org.**

